

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nagpaplano ang Lungsod ng Brampton na mag-construct ng isa sa mga pinakamalaking pasilidad ng de kuryenteng bus transit sa North America na sumusuporta sa mga bus na walang emisyon

BRAMPTON, ON (Hunyo 12, 2020) – Noong Hunyo 10, 2020, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mga plano para sa ganap na pagmimintina ng de kuryenteng transportasyon at pasilidad ng imbakan ng Brampton Transit, isang milestone sa commitment ng Lungsod ng Brampton na maging isang Green City. Ang ikatlong pasilidad ng Brampton Transit ay magiging isa sa pinakamalaking bagong mga pasilidad ng bus sa North America na ginawa para makatulong sa pagsuporta sa ganap na de kuryente, walang emisyon na fleet sa hinaharap.

Ang bagong pasilidad na ito ay tina-target para sa konstruksyon sa dalawang phase simula 2022, na ang pagkumpleto ng Phase 1 ay tinatayang sa huling bahagi ng 2024. Ang Phase 1 ng bagong pasilidad ay inaasahang malalagyan ng tinatayang 250 bus, at ang Phase 2 ay inaasahang malalagyan ng karagdagang 188 bus para sa kabuuang 438 bus. Ang konstruksyon ng pasilidad na ito, kabilang ang kumpletong mga rekisito ay pagpapakuryente, ay nakadepende sa pagtanggap ng pondo mula sa ibang mga lebel ng pamahalaan.

Ang mga katangian ng pasilidad, depende sa proseso ng disenyo at kinailangang pagiging available ng pondo, ay maaaring kabilangan ng mga elemento tulad ng ngunit hindi limitado sa:

- Mga high-powered (600kWh) overhead pantograph style charger at/o mga plug-in style overnight charger para sa suportahan ang walang emisyon na de baterya - de kuryenteng mga bus.
- Bilang pagsaalang-alang sa imbakan ng mga tangke ng hydrogen sa hinaharap at/o kasangkapan na lilikha ng hydrogen para suportahan ang fuel cell na de kuryenteng mga bus na walang emisyon.
- Kapasidad ng pag-iimbak ng enerhiya sa site para magbigay ng optimal na pagtitipid ng enerhiya kabilang ang peak-shaving at smart grid management.
- Mga substation (hal. 20 megawatt) para suportahan ang power demand na kailangan para i-charge ang fleet.

Dedicated na mga lugar sa seksyon ng pagmimintina ng pasilidad para suportahan ang mga pagkukumpuni sa mga sistemang mataas ang boltahe, at pinasadyang kasangkapan at mga tool para sa pagmimintina na kailangan para suportahan ang ganap na de kuryenteng bus fleet.

Ang kasalukuyang mataas na order para sa mga rekisito sa pagpapakuryente sa Phase 1 ng pasilidad na ito ay \$120-\$150 milyon. Hindi kasama rito ang karagdagang pamumuhunan na kailangan para mapasimulan ang ganap na walang emisyon na bus fleet, ang pagbili ng mga de kuryenteng bus, o karagdagang imprastruktura na kailangan lampas sa propyedad tulad ng mga eCharger sa kalye at mga pagpapahusay ng power grid.

Ang mga de kuryenteng bus ay pasisimulan sa lokasyon bilang bagong tubong mga bus at ang kapalit na mga bus ay binibili batay sa 10-taon na capital forecast ng Brampton at aprubadong mga badyet, kabilang ang Investing in Canada Infrastructure Program (ICIP) at ibang pagpopondo.

Ang Lungsod ng Brampton at ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay mahigpit na nagtutulungan para sumulong sa disenyo at pondo para sa bagong pasilidad. Batay sa umiiral na ridership, ang mataas na paglaki ng populasyon sa loob ng nakalipas na tatlong taon at inaasahang paglago sa hinaharap, ang bagong pasilidad sa transportasyon na ito ay mahalaga para sa Brampton.

Para malaman ang higit pa tungkol sa ikatlong pasilidad, i-click [dito](#) para sa ulat.

Background – pilot na rpyektong de kuryenteng bus ay darating sa Brampton sa 2021

Noong Hulyo, 2019, tinanggap ni Mayor Patrick Brown, sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, ang mahalagang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada sa milestone Pan-Canadian Electric Bus Demonstration and Integration Trial sa Brampton.

Si Kagalang-galang na Catherine McKenna, Minister of Environment and Climate Change, ay inanunsiyo ang \$11.15 milyong pondo sa Phase 1 ng pilot na proyektong ito, na susubok sa de baterya de kuryenteng mga bus sa Brampton.

Ang pandaigdigang na una sa uri nito na proyekto ng integrasyon ay bunga ng patuloy na pagtutulungan sa pagitan ng Brampton Transit at ng the Canadian Urban Transit Research and Innovation Consortium (CUTRIC), mga tagagawa ng ganap na de kuryenteng mga bus na New Flyer Industries at Nova Bus, at ng charging station manufacturers na ABB and Siemens. Ang hindi inaasahang inisyatiba na ito ay hatid ng maramihang antas ng pamahalaan, mga tagagawa ng bus at charger, mga integrator ng sistema, academia, at mga partner sa pagtutustos na magkasama sa pagpapatupad ng mga de kuryenteng bus sa Brampton.

Ang Brampton Transit ay ang nangunguna sa pangkapaligirang pagiging sustainable, na may fleet ng 125 diesel-electric hybrid Züm buses, kumakatawan sa 28 porsyento ng kabuuang fleet nito, sa araw na ito.

Mga Quote

“Ang Brampton ang nangunguna sa sustainable na transportasyon. Ang isang well-connected, sustainable na network ng transportasyon ay mahalaga sa pagtatayo ng posisyon sa Innovation Corridor ng Canada, at ikinagagalak ko na maging bahagi ng nasabing maagad mag-isip na Konseho. Ang mga materyal na hakbang na ito ay nagpapagalaw sa ating Lungsod mas malapit sa pagkamit ng ating mga mithiin sa climate change, tulad ng paggamit sa serbisyo ng bawat de baterya-de kuryenteng bus, makakatipid tayo ng tinatayang 235 tonnes CO2 emisyon kada taon, kada bus. Ipinagpatuloy natin ang ating pakikipagtulungan sa pamahalaang pederal para dalhin ang mga bus na walang emisyon sa Brampton, at paglilingkuran ang ating mga residente gamit ang napakahusay na sistema ng transportasyon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang paglikha ng una sa uri nito na ganap na de kuryenteng pasilidad ng transportasyon at paglipat sa isang ganap na de kuryenteng walang emisyon na bus fllet sa hinaharap ay bumubuo sa commitment

ng Konseho na bawasan ang ating carbon footprint at pagtayo ng isang Green City. Ito ay isang milestone sa ating paglalakbay sa pagpapabawas ng emisyon ng gas ng greenhouse na nalikha sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050. .”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay committed sa paghahanap ng inobatibo at praktikal na mga solusyon sa pagbuo ng sustainable at tipid sa enerhiya na sistema ng transportasyon. Ito ay isang prayoridad ng Konseho at nagpapatuloy tayo sa paglikha ng mga paraan para mabawasan ang emisyon ng gas ng mga greenhouse, lumikha ng advantage sa ekonomiya, at dagdagan ang pagiging resilient sa climate change.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca